Siyudad ng Nishio

# Mapa ng Panganib sa Tsunami

## ② Mga Distrito ng Nishio, Hananoki, at Yonezu

Inisyu ng: Departamento ng Pamamahala ng Krisis ng siyudad ng Nishio TEL:0563-65-2137 Petsa ng Pag-isyu: Marso 2021

## Tungkol sa mapang ito

Ginawa ang mapa ng panganib na ito upang itaguyod at ipatupad ang mga angkop na pagkilos para sa paglikas kung sakaling magkaroon ng isang tsunami sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga itinalagang lugar na mapanganib dahil sa tsunami sa Aichi Prefecture noong Hulyo 2019. Regular na tingnan ang mapa ng panganib at pag-isipan nang maaga ang plano para sa paglikas.
Tinataya ang mga ipinapakitang lugar na mapanganib dahil sa tsunami. Puwedeng magkaroon ng tsunami na mas malaki kaysa ipinahayag na lalim ng baha o kung magkaroon ng kalamidad sa labas ng mga lugar na mapanganib. Pakigamit nang may pag-iingat.
Dagdag pa sa tsunami, may iba pang uri ng kalamidad na puwedeng maranasan sa Siyudad ng Nishio. Tingnan din ang mga mapa ng panganib para sa mga pagguho ng lupa at pagbaha.

## Mga Lugar na Mapanganib dahil sa Tsunami

Ang mga lugar na may panganib ng tsunami (yellow zone) ay mga lugar kung saan lubhang nasa panganib ang mga residente o may pinsala kung magkaroon ng lubhang malakas na kategorya ng tsunami, at itinalaga ng Gobernador ng Aichi Prefecture bilang mga lugar na mapanganib na kailangang magtaguyod ng isang sistemang pang-emergency na paglikas para maiwasan ang kalamidad na dulot ng tsunami. Sa mapa ng panganib na ito, tinutukoy nito ang mga lugar kung saan may kulay ang karaniwang taas ng tubig.
Sa loob ng mga lugar na may panganib ng tsunami (yellow zone), walang paghihigpit sa pagtatayo ng gusalo o mga kaugnay na aktibidad sa pagpapaunlad.
[Babala] Hindi itinuturing na mga lugar na madaraanan ng tsunami ang mga mabuhanging dalampasigan, sea wall, ilog, lagusan ng tubig, lawa-lawaan, atbp. Dahil dito, kahit sa mga pagkakataon kung kailan ang mga lugar na iyon ay nasa panganib na matamaan ng tsunami, maaaring hindi sila maitatalaga bilang mga lugar na may panganib ng tsunami. Dahil dito, sa mga pagkakataon na ang nakapaligid na lupa ay itinalaga bilang isang mapanganib na lugar, nasa panganib na rin ang mga lugar na ito kung may tsunami kung kaya't lumikas mula rito.

## Pagkakaiba ng karaniwang taas ng tubig at lalim ng baha

Ipinapakita ng mga dating mapa ng panganib ang lalim ng baha. Gayunpaman, sa mapa ng panganib na ito, ipinapakita ang karaniwang taas ng tubig.
Nakukuha ang pamantayang taas ng tubig sa pamamagitan ng pag-add ng dami ng pagtaas ng antas ng tubig (raised height) kung may tinamaan ng tsunami ang mga gusali atbp. sa tinatayang taas ng pagbaha. Ipinapakita ito gamit ang karaniwang taas ng tubig kapag sinukat mula sa lupa.

Tsunami
Lalim ng baha
Tinatayang pagbaha dulot ng Tsunami (Lalim ng baha)
Tsunami
Karaniwang Taas ng Tubig
Lugar na Mapanganib dahil sa Tsunami (Karaniwang taas ng tubig)

## Karaniwang Taas ng Tubig

5.0 m o higit pa
3.0 - 5.0 m
1.0 - 3.0 m
0.5 - 1.0 m
Mas mababa sa 0.5 m

## Paliwanag tungkol sa mga Kanlungan para sa Paglikas

**Pansamantalang Kanlungan kapag may Tsunami**
Mga lugar para sa pang-emergency na paglikas, kung sakaling mahirap puntahan ang mga lugar para sa paglikas sa labas ng lugar na mapanganib dahil sa Tsunami, dahil sa mga dahilan tulad ng pisikal na kapansanan.

**Itinalagang Pang-emergency na Kanlungan para sa Paglikas**
Mga lugar para sa pang-emergency na paglikas para makasagip ng mga buhay kapag may lindol o tsunami.

**Itinalagang Kanlungan para sa Paglikas**
Nagbibigay ng mga kanlungan para sa paglikas sa mga taong nasira ang bahay o hindi na ligtas tirhan ang bahay.

**Itinalagang kanlungan para sa paglikas (Pangalawang Estabilisyimento)**
Itinaguyod ang mga pangalawang lugar bilang tugon sa mas mahabang paglikas o pagtaas ng bilang ng mga lumikas.

*Inanunsyo ang mga detalye ng establisyimento sa pamamagitan ng sistema ng babala sa sakuna na wireless-activated, atbp.

## Palatumbasan

- Pansamantalang Kanlungan kapag may Tsunami
- Itinalagang Pang-emergency na Kanlungan para sa Paglikas (Tsunami)
- Itinalagang Kanlungan para sa Paglikas (Tsunami)
- Paaralan
- Tanggapan/Sangay ng Munisipyo
- Estasyon ng Pulis/Police Box/Sub-Station
- Estasyon ng Bumbero
- Pang-emergency na Ospital
- Paaralan para sa Kindergarten/Nursery
- Iba pang Pasilidad
- Underground na Lagusan


- Hangganan ng Distrito ng Paaralang Elementarya
- Hangganan ng Siyudad
- Riles ng Tren
- Pang-emergency na Ruta ng Sasakyan

**Karaniwang Taas ng Tubig**

- 5.0 m o higit pa
- 3.0 - 5.0 m
- 1.0 - 3.0 m
- 0.5 - 1.0 m
- 0.1 - 0.5 m
- Mga Lawa-lawaan, Latian, atbp. (Sa loob ng Lugar na may Panganib)

**Mga Lugar na Mapanganib dahil sa Pagguho ng Lupa, atbp.**

- Mga Lugar na Espesyal na Mapanganib dahil sa Pagguho ng Lupa (Pagguho ng Matatarik na Lupa)
- Mga Lugar na Mapanganib dahil sa Pagguho ng Lupa (Pagguho ng Matatarik na Lupa)
- Mga Lugar na Mapanganib dahil sa Pagguho ng Lupa (Pagguho ng Lupa)




この地図は、平成 24 年 3 月作成の西尾市都市計画基本図を使用して作成したものである。　この地図は、碧南市長の承認を得て、同市所管の 2,500 分の 1 の都市計画基本図を複製して調製したものである。( 承認番号 )2 碧都計第 32 号　この地図は、安城市長の承認を得て、同市発行の都市計画基本図を使用して作成したものである。( 承認番号 )2 都計第 13 号